

# PROGRAMA SA PAGKONTROL NG PIERCE'S DISEASE

<https://www.cdfa.ca.gov/pdcp/>

Ito ay isang glassy-winged sharpshooter (GWSS) na nagpapakalat Pierce's disease (PD).



## Paano Makakatulong ang Mga Nursery na Pigilan ang Pagkalat ng GWSS?

Ang nursery stock ay isang high-risk commodity sa pagkalat ng GWSS. Humigit-kumulang 53% ng 13,000 lisensyadong nursery ng California ay nasa mga county na infested ng GWSS. Marami sa mga nursery na ito ang nagpapadala sa mga bahagi ng estado na hindi infested ng GWSS. Kabilang sa mga aktibidad upang mabawasan ang panganib ng pagdadala ng GWSS sa nursery stock ang:

- Pag-inspeksyon sa nursery stock sa mga infested na lugar bago ipadala sa mga hindi lugar na hindi infested;
- Sertipikasyon ng mga shipment;
- Pagpoproseso sa nursery stock kung kinakailangan;
- Trapping sa at malapit sa mga nursery na nagpapadala sa mga lugar na hindi infested;
- Paunang pag-aabiso sa mga padadalhang county tungkol sa mga paparating na shipment;
- Pag-inspeksyon sa nursery stock sa mga tumatanggap na nursery bago ito ibenta.



Halimbawa ng GWSS Trap

## Mga Uri ng Kasunduan sa Pagsunod ng Nursery

Pwedeng maging kwalipikado ang isang nursery sa lugar na infested ng GWSS na magpadala ng nursery stock (mga host plant ng GWSS) sa mga hindi infested na lugar sa California sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na uri ng kasunduan sa pagsunod:

- **Regulasyon sa Programa:** (kung hindi infested) Idineklarang walang GWSS ang nursery sa pamamagitan ng trapping. Hindi kinakailangan ang pag-inspeksyon sa mga nursery stock at pamproteksyong pagproseso sa mga halaman bago ang pagpapadala.
- **Master Permit:** (kung infested) Hindi nakakuha ang nursery ng free-from na status dahil sa posibleng pamemeste ng GWSS ngunit nagpapanatili ito ng free-from na loading dock, na sinusubaybayan sa pamamagitan ng trapping. Kinakailangan ang 100% pag-inspeksyon sa mga halaman at pamproteksyong pagproseso bago ang pagpapadala.
- **Broker:** (kung hindi infested) walang pisikal na growing ground ang nursery at hindi ito nagmamay-ari ng plant material. Dapat itong bumili ng mga halaman mula sa mga nursery na hindi infested sa ilalim ng mga kasalukuyang kasunduan sa pagsunod para sa GWSS.

• **Inaprubahang Programa sa Pagproseso:** (kung infested) Nagsagawa ng trapping sa nursery at pamproteksyong proseso gamit ang inaprubahang produkto (kasalukuyang Tame o Sevin SL) bago ang pagpapadala. Hindi kinakailangan ang 100% pag-inspeksyon sa mga halaman.

